# Pagrerepaso sa Inyong Pagiging Karapat-dapat para sa Karagdagang Tulong sa Mga Gastusin sa Plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare: Ilang Bagay na Dapat Ninyong Malaman

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Kailan gagawin ng Social Security ang pagrerepasong ito? | 1 |
| Paano makikipag-ugnayan sa akin ang Social Security? | 1 |
| Paano kung kailangan ko ng tulong sa pagkukumpleto ng form na ito? | 2 |
| Anong uri ng pag-aayos ang gagawin para sa aking Karagdagang Tulong? | 2 |
| Ano ang mangyayari kung hindi ko isauli ang form sa pagrerepaso? | 2 |
| Paano ko malalaman kung ano ang naging desisyon ng Social Security sa pagrerepaso? | 2 |
| Paano ako makakakuha ng mas maraming impormasyon? | 2 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 2 |


Kung makatanggap kayo ng Karagdagang Tulong sa inyong mga gastusin sa plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare, maaaring makipag-ugnayan sa inyo ang Social Security pana-panahon para repasuhin ang inyong katayuan. Sisiguraduhin sa pagrerepasong ito na karapat-dapat pa rin kayo para sa Karagdagang Tulong at makakatanggap pa rin ng lahat ng mga benepisyo na nararapat para sa inyo.

Kung hindi kayo mapili para marepaso, walang pagbabago na magaganap sa halaga ng Karagdagang Tulong na matatanggap ninyo.

## Kailan gagawin ng Social Security ang pagrerepasong ito?

Ang mga pagrerepaso ay gagawin taon-taon, karaniwang sa katapusan ng Agosto.

## Paano makikipag-ugnayan sa akin ang Social Security?

Padadalhan namin kayo ng isang form para makumpleto, na tinatawag na *Social Security Administration Review of Your Eligibility for Extra Help o Administratibong Pagrerepaso ng Social Security hinggil sa Inyong Pagiging Karapat-dapat para sa Karagdagang Tulong (SSA-1026)***.** Mayroon kayong 30 araw para makumpleto at isauli ang form na ito. Anumang mga kinakailangang pag-aayos sa Karagdagang

Tulong ay magkakabisa sa Enero ng susunod na taon. Halimbawa, kung magpadala kami sa inyo ng isang form sa pagrerepaso sa Agosto 2015, at isauli ninyo ang form sa pagrerepaso sa loob ng 30 araw, anumang mga kinakailangang pagwawasto sa inyong Karagdagang Tulong ay magkakabisa sa Enero 2016.

## Paano kung kailangan ko ng tulong sa pagkukumpleto ng form na ito?

Ang mga miyembro ng pamilya, mga tagapag-alaga at iba pang ikatlong panig ay maaaring makatulong sa inyong makumpleto ang form. Matutulungan rin kayo ng Social Security na sagutin ang inyong mga tanong. Basta't tumawag lang sa amin sa **1-800-772-1213**. Kung kayo ay bingi o may kahirapan sa pagdinig, mangyari lang tumawag sa aming numero ng TTY sa **1-800-325-0778**. Maaari rin kayong bumisita sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security para makakuha ng tulong.

## Anong uri ng pag-aayos ang gagawin para sa aking Karagdagang Tulong?

Isa sa mga sumusunod:

- Walang pagbabago sa halaga ng Karagdagang Tulong na inyong natatanggap;
- May pagtaas sa halaga ng Karagdagang Tulong na inyong natatanggap;
- May pagbaba sa halaga ng Karagdagang Tulong na inyong natatanggap; o
- Pagwawakas ng inyong Karagdagang Tulong

## Ano ang mangyayari kung hindi ko isauli ang form sa pagrerepaso?

Ang inyong Karagdagang Tulong ay tatapusin sa Enero ng susunod na taon.

## Paano ko malalaman kung ano ang naging desisyon ng Social Security sa pagrerepaso?

Padadalhan kayo ng Social Security ng isang liham na nagpapaliwanag sa inyo sa desisyon namin. Kung naniniwala kayo na ang determinasyon na ito ay hindi tama, may karapatan kayong magsampa ng apela dito. Ipapaliwanag rin sa liham ang inyong mga karapatan sa pag-apela.

## Paano ako makakakuha ng mas maraming impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Karagdagang Tulong sa inyong mga gastusin sa plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare, o pangkalahatang impormasyon tungkol sa Social Security, bumisita sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag sa Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**). Kung tumawag kayo dahil may mga tanong kayo tungkol sa isang liham na natanggap ninyo, mangyari lang dalhin ang liham. Makakatulong ito sa amin na masagot ang inyong mga tanong.

Para sa impormasyon tungkol sa mga plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare at espesyal na panahon ng pagpapa-enroll, bumisita sa ***www.medicare.gov*** o tumawag sa **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**; TTY **1-877-486-2048**).

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

## Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

## Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10111-TL | July 2017
Pagrerepaso sa Inyong Pagiging Karapat-dapat para sa Karagdagang Tulong sa Mga Gastusin sa Plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare: Ilang Bagay na Dapat Ninyong Malaman
Review of Your Eligibility for Extra Help With Medicare Prescription Drug Plan Costs: Some Things You Should Know (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito